Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SIPI SA KATITIKAN SA KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-26 NG PEBRERO, 2003, ARW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Florencio C. Odejar | . . . . . . . . . . | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | . . . . . . . . . . | Kagawad - SK |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | . . . . . . . . . . | PANG. PUNONG BAYAN<br>Nasa lakad opisyal |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | . . . . . . . . . . | Kagawad – ABC<br>Nasa lakad opisyal |

*KAPASIYAHAN BLG. 071-T03*

*KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. PANFILO LACSON, SENADOR NG BANSA NA MAPAGKALOOBAN ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG HALAGANG PITONG MILYONG PISO (P7,000,000.00) PARA SA PAG-AASPALTO NG MGA DAANG BARANGAY NA SAKOP NG BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T*, binigyang-pansin at pagpapahalaga ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna ang pagsasaayos ng mga daang barangay sa nasasakupan ng bayang ito para sa *maayos na paglakbo ng mga sasakyan at kaligtasan sa pagbibiyahe.*

*SAPAGKA'T*, lubhang mapanganib lalo na sa mga liblib na barangay ang nakikitang pagkasira ng mga daang barangay na nagbibigay ng masamang tanawin sa kalinisan at kaayusan ng kapaligiran;

*SAPAGKA'T*, walang pondo ang pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna upang makapagpaayos at maipaaspalto ang mga daang barangay na sakop nito;

*KUNG KAYA'T DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na *pinangalawahan ng Bernardo E. Ison at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na* ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN*, Na hilingin sa Kgg. Panfilo Lacson, Senador ng Bansa na mapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng halagang P7M para sa pag-aaspalto ng mga daang barangay na sakop ng bayang ito.

*INIUUTOS*, Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Senador Panfilo Lacson, Mataas ng Kapulungan, GSIS Complex, Lungsod ng Pasay, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Pambayang Inhinyero, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan